Mixkaela Villalon

# Pangulong Paquito

Minsan, may isang lalaki. Paquito ang kanyang pangalan. Napakalaki ng kanyang ambisyon. Hindi ito masukat sa anumang paraan na alam ng tao. Pangarap ni Paquito na maging pangulo ng kanyang bayan.

Ang bayang Pilipinas ang bayan ni Paquito. Ngunit hindi ito ang Pilipinas na kilala natin. Ibang Pilipinas ito.

Ito ang kailangang maintindihan: maraming Pilipinas sa iba't ibang daigdig, sa iba't ibang uniberso, sa iba't ibang panahon at lunan. May Pilipinas kung saan ang lahat ng kalsada ay gawa sa diyamante, mayroon pang Pilipinas kung saan nagkakaintindihan lamang ang mga tao sa pamamagitan ng kanta. May Pilipinas na biniyayaan ng napakaraming likas na yaman ngunit naghihirap ang mga naninirahan dito, at Pilipinas kung saan masaya ang lahat kahit kalbo na ang mga gubat at tuyot na ang mga dagat. Maraming Pilipinas.

Sa Pilipinas na bayan ni Paquito, maaaring maging pangulo ang kahit sino. Walang eleksiyon dito. Napipili ang pangulo sa pamamagitan ng pangako.

Napakahalaga ng pangako para sa bayang ito.

Mayroong mahigit pitong libong isla sa Pilipinas, at 22 isla ang lumulubog sa dagat kasabay ng paglitaw ng buwan. Sa 22 lumulubog na isla ipinatatapon ang mga tao na hindi marunong tumupad ng pangako. Ito ang kanilang kaparusahan. Sa umaga lamang sila maaaring matulog. Pagdating ng gabi at alon, abala sila sa paglalakbay sa tubig upang hindi malunod. Bawal silang lumangoy papunta sa mga islang hindi nilalamon ng dagat.

"Ang hindi marunong tumupad ng pangako, walang katiyakan sa lupang tinutuntungan," wika ng matatanda. Ito ang batas ng bayan.

* * *

Hindi ipinanganak na sinungaling si Paquito. Tama ang pagpapalaki sa kanya ng kanyang mga magulang. Tinuruan siya ng magagandang asal at mabuting pakikitungo sa kapuwa-tao, pero likas na pilyo si Paquito. Likas na pilyo ang mga Filipino. Maging ang mga diyos at diyosa ng Pilipinas ay pilyo, kung kaya hiniwa-hiwalay nila ang mga nilikhang isla sa bayang ito. Kaya rin manaka-naka ang pagbagyo, paglindol, at pagsabog ng bulkan. Mahilig kasing magbiruan ang mga Pilipino, at kung minsan, binibiro din ng mga diyos ang tao.

Likas na mapagbiro ang mga tao sa Pilipinas. Iisa lang ang batas dito tungkol sa biruan. "Biruin na ang lasing, huwag lang ang bagong gising," wika ng matatanda. Ito ang batas. Ang kaparusahan para sa sinumang bibiro sa bagong gising ay ang pagkalabog ng kapitbahay sa madaling araw. Sapat nang pagpapahirap ang isang buwang ginugulat ang ulirat. Pagkatapos ng isang buwang udlot na tulog, inaasahang natutuhan na ang leksiyon hinggil sa pagbibiro.

Balikan nating muli si Paquito at ang kanyang malaking ambisyon.

Isang araw, nagpunta si Paquito sa Palengke ng Pilipinas, kung saan pinakamarami ang tao. Maingay dito, magulo. Dito ang pulso ng bayan. Ito ang buhay na ekonomiya.

Masigla ang kalakalan sa palengkeng ito, ngunit walang nagpapalitan ng pera. Walang pera sa Pilipinas na ito, pero wala ring mahirap o kapus-palad. Sa palengkeng ito, ang lahat ay nabibili sa pamamagitan ng pangako.

Halimbawa:

Ikakasal si Jakob sa kanyang mahal sa susunod na linggo. Nais niyang bigyan ang sinisinta ng isang bagay na magsisilbing simbolo ng kanilang pag-ibig. Nagpunta siya sa palengke upang maghanap ng regalo.

“Ako si Jakob. Ano iyan?” tanong ni Jakob nang may nakita siyang bagay na gustong bilhin.

“Ako si Kayo. Ito ay isang kabibeng nahanap ko sa tabing-dagat habang hinihintay ang asawa kong bumalik mula sa laot,” pakilala ng babae. “Nagustuhan ko ang kulay nito kaya inisnis ko at ginawang singsing. Gusto mo ba nito?” alok ni Kayo kay Jakob.

“Gusto ko,” sagot ni Jakob.

“Anong gagawin mo rito?” tanong ni Kayo. “Kung sisirain mo ang aking likha, o pagtatawanan, o gagamitin sa masama, hindi ko ito ibibigay sa 'yo.”

“Pangako, hindi ko gagawin ang mga ‘yan,” sabi ni Jakob. “Nais kong ibigay ang singsing na iyan sa aking minamahal. Ikakasal kami sa susunod na linggo.”

Ngumiti si Kayo dahil katanggap-tanggap sa kanya ang dahilan ni Jakob. “Sa ’yo na itong singsing kung may maibibigay kang katumbas ng aking nilikha.”

“Wala akong dala ngayon maliban sa suot kong damit at sapatos. Pero bukas makalawa, makatatanggap ako ng isang sako ng mais. Ipinangako sa akin ng kapatid ko,” paliwanag ni Jakob. “Kung ibibigay mo sa akin ang singsing na gawa mo, ipinapangako kong hahatian kita sa matatanggap kong mais.”

"Mangingisda ang asawa ko," sabi ni Kayo. "Matagal na rin kaming hindi nakakakain ng mais." Ibinigay niya kay Jakob ang singsing. "Maligayang pagbati sa iyo at sa iyong sinisinta, kaibigang Jakob. Aasahan ko ang mais bukas makalawa," sabi ni Kayo.

Nagkamayan sila at naghiwalay ng landas.

* * *

Ganito ang kalakaran sa palengke ng Pilipinas. Araw-araw, libo-libong tao ang nanunumpa at nangangako dito. Lahat ay may panatang tuparin ang kani-kanilang mga pangako kung ayaw nilang mapatapon sa mga islang nawawala.

Habang patuloy ang kalakaran sa Palengke, pumili si Paquito ng magandang lugar sa pusod nito. Sa lugar na ito, nagsimula siyang magtayo ng entablado. Malaki ang entablado, mataas. Gumamit si Paquito ng kahoy, lubid, pako, at martilyo. Maghapon niyang pinaghirapan ito hanggang sa magawa ang entablado.

Nang matapos ang entablado, inakyat ito ni Paquito. Mula sa kanyang kinatatayuan, nakita niya ang lawak at dami ng mga kababayan niyang nasa Palengke.

"Bayan ko, bayan ko," pahayag ni Paquito mula sa kanyang entablado. Sumanib sa hangin ang kanyang boses, tinangay ng bugso at ipinaabot sa lahat ng kayang makinig. "Gusto kong maging pangulo ninyo. Magtiwala kayo sa akin. Ipaubaya sa akin ang pamumuno sa Pilipinas, at ipinapangako ko na hindi kayo magsisisi."

Umiling-iling ang mga nakikinig. Ang iba sa kanila ay natawa. "Hindi ganyan kadali maging pangulo, Paquito," sabi ng isa niyang kababayan. "Napakalawak ng iyong pangako. Ang huling pangulo ay nangako ng pagsikat ng araw sa bawat umaga, at paglubog nito sa bawat gabi. Hindi pa siya nabibigo sa kanyang pangako, kaya nananatili siyang pangulo."

"Ang pangulong nauna sa kanya ay nangako ng ulan sa tag-ulan, at init sa tag-init," sabi ng isa pang taumbayan. "Natanggal siya sa

kanyang pagkapangulo nang dumating ang taon na walang bumuhos na ulan. Natuyot ang mga ani. Ipinatapon ang pangulong iyon sa mga nawawalang isla."

"Bago pa iyon ay ang pangulong nangako ng maraming araw ng bakasyon," sambit ng isa pang Pilipino. "Naalala ninyo ba siya?"

"Itanim sa lupa ang pangulong iyon," sumpa ng isa pa. "Walang naidulot sa atin ang kanyang pangako."

Nagkamot ng ulo si Paquito habang nagdiskusyon ang kanyang mga kababayan. Kailangan ni Paquito ng pangakong hindi mapapantayan. Gustong-gusto niyang maging pangulo.

"Ipinapangako ko sa inyo, aking mga kababayan," pahayag muli ni Paquito. "Kung tatanghalin ninyo ako bilang pangulo, wala nang babangungutin pa sa Pilipinas, magpakailanman."

Dumura sa lupa ang ilang matatanda. Ang iba naman ay nagmura. "Bawiin mo ang iyong pangako, Paquito," payo ng mga siyentista ng bayan. "Hindi mo iyan matutupad. Wala sa kapangyarihan mo ang pananaginip ng tao."

"Mag-isip ka nga, Paquito," sambit ng mga babae ng bayan. "Sakaling bangungutin ang isa sa amin mamayang gabi, bukas na bukas ay ipapatapon ka sa mga nawawalang isla. Kailangan namin ng pangulo na pinag-iisipan ang sasabihin bago magbuka ng bibig."

"Binabawi ko," dagling sinabi ni Paquito. Ayaw niyang matapon sa mga nawawalang isla. Ngunit nauubusan na siya ng maipapangako at gustong-gusto niyang maging pangulo ng Pilipinas. "Bayan ko, ipinapangako ko, kung tatanggapin ninyo akong pangulo ng Pilipinas, sasayawan ko kayo ng nakatutuwang sayaw araw-araw. Ngunguya ako ng bubog, kakain ng apoy. Ipapasok ko ang aking ulo sa bibig ng leon hanggang sa bilang na sampu. Pangako. Kahit ano, para lang matuwa kayo."

Malakas ang tawanan sa buong Palengke. Dumadagundong ang halakhak ng lahat ng nakarinig. Akala ni Paquito na nawili na niya

ang kanyang mga kababayan, ngunit hindi pa rin sila kumbinsido na karapat-dapat si Paquito na maging susunod na pangulo.

"Kababayang Paquito," sabi ng mga batang Pilipino na nakikinig. Maging silang mga musmos ay kasama sa usapan sapagkat bayan din nila ang bayang ito. Ang anumang binhi na itatanim sa lupa ngayon ay gubat nila paglaki. "Nagkakamali ka yata. Ang kailangan namin ay pangulo at hindi payaso. Mag-isip ka pa ng ibang pangako."

"Wala na akong maisip!" hiyaw ni Paquito. Hindi siya ang pinakamatalino sa bayang ito, pero malaki ang kanyang ambisyon. "Paano ko malalaman kung anong pangako ang magugustuhan ninyo?" Naupo si Paquito sa isang sulok at nagmukmok.

Natahimik ang bayan, nag-isip. Mula sa pinakamatanda hanggang sa pinakabata, nagmuni-muni. Naantala ang kalakaran sa Palengke dahil mahalagang usapin itong pinag-iisipan nila, at ang bawat mamamayan ay may responsabilidad na tuunan ng pansin kung paano malalaman ang problema ng kanilang bayan.

Matapos ang ilang minutong katahimikan, sa wakas may nagsalita. "Itanong mo kaya sa amin kung ano ang kailangan namin?" mungkahi ng mga magsasaka ng bayan.

Natakot si Paquito nang marinig ang boses ng magsasaka. Magaspang ito, namamalat. Para bang nanggagaling mula sa malalim na lungib. Tila matagal nang hindi nagagamit, o hindi napakikinggan. Lalong nasindak si Paquito nang masipat ang mukha ng nagsalita. Malalim ang mata ng mga magsasaka, matindi kung tumitig. Hindi makatingin nang diretso si Paquito sa mga ito. Natatakot siyang makita ang sariling nakasalamin sa mga mata nila.

"Tama," sabi ni Paquito. "Aalamin ko ang kailangan ng aking mga kababayan. Kapag kilala ko na ang aking bayan, ang kanyang hangarin at hinaing, babalik ako sa entabladong ito at mangangako muli. Babalik ako rito upang maging pangulo ng bayan ko." Bumaba si Paquito mula sa entablado. Nagpatuloy ang ingay, buhay, at kalakaran sa Palengke.

Tatlong araw si Paquito sa Palengke, nakikinig sa mga usap-usapan ng kanyang mga kapwa-Filipino. Pinakinggan niya ang kanilang mga kuwento. Nakausap niya ang mga tao. Isa-isa niyang inalam ang mga pangangailangan ng kanyang mga kababayan.

Pagkatapos ng tatlong araw, inakyat muli ni Paquito ang kanyang entablado. Abot-tenga ang kanyang ngiti. "Bayan ko, bayan ko," deklara ni Paquito. Muli, nakinig ang mga Pilipino sapagkat dinala ng hangin ang mga salita ni Paquito hanggang sa pinakamalalayong sulok ng Palengke. "Nais kong maging pangulo ninyo. Magtiwala kayo sa akin. Pangangalagaan ko ang Pilipinas."

"Ano ang maipapangako mo sakaling tanghalin ka naming pangulo, Paquito?" tanong ng isang matanda.

"Nangangako ako," sabi ni Paquito. "Kung inyong mamarapatin, kapag ako ay naging pangulo, pangako kong magkakaroon ng bubong sa ibabaw ng bawat ulo ng bawat Filipino. Aking mga kaibigan, kung tatanggapin ninyo ang aking hangarin, pangako kong may kanin sa bawat pinggan. Bayan ko, kapag ako na ang pangulo ninyo, ang sinumang tatapak sa loob ng pamamahay ko ay aking pakikinggan."

Nagdiskusyon ng mga taumbayan tungkol sa narinig nilang mga pangako ni Paquito. Para silang mga bubuyog na may pinag-aawayan. Pinagtalunan ng mga tao kung kaya ni Paquitong tuparin ang kanyang mga pangako, dahil totoo nga na ang mga nabanggit niya ang kailangan ng Pilipinas: tirahan para sa lahat, pagkain para sa lahat, at ang pagkakataong mapakinggan ng pinuno ang mga problema ng karaniwang mamamayan.

"Katanggap-tanggap para sa amin ang iyong mga pangako," wika ng matatanda ng bayan. "Ano ang maipapangako mo, Paquito, kung hindi mo matupad ang iyong mga pangako?"

"Tamaan sana ng kidlat ang bahay ko, aking kababayan," sumpa ni Paquito. "Mangitim pa lalo ang aking balat at mukha sa kahihiyan kung hindi ko matupad ang aking mga pangako. Umurong sana ang

tubo ng aking mga daliri at hindi ko na magamit muli ang aking mga kamay. Gumapang sana ako sa aking tiyan habambuhay."

"Pangako ba 'yan, kababayang Paquito?" tanong ng mga bata.

"Peksman," sagot nito.

At sa araw na iyon, nakamit ni Paquito ang kanyang ambisyon na maging pangulo ng bayan niyang Pilipinas.

Lumipas ang panahon.

Maayos ang daloy ng buhay sa Pilipinas na pinamumunuan ni Pangulong Paquito. Sa umaga, sinusuroy niya ang mga palayan, kinakamusta ang mga magsasakang nagbubungkal ng lupa. Sa tanghali, binibisita niya ang mga paaralan kung saan hinuhubog ang talino ng mga batang Filipino. Sa hapon, dumadaan si Pangulong Paquito sa Palengke upang makinig sa usap-usapan at pulso ng bayan. Pagdating naman ng gabi, sa gubat at kabundukan nagpupunta si Paquito upang pakinggan ang mga puno, ang bato, ang bulong ng batis. Maging ang mga damo sa kanyang paanan at ang hangin na humahalik sa kanyang tenga ay kailangang pakinggan ni Paquito, sapagkat ang mga ito ay parte rin ng bayang Pilipinas.

"Pangulong Paquito," sabi ng isang babae minsan nang mapadaan ang pangulo sa Palengke. "Kailan ninyo tutuparin ang una ninyong pangako?"

Nagkamot ng ulo si Paquito. Hindi siya likas na masama, ngunit hindi pala ganoon kadali tumupad ng mga pangako ng pangulo. Ninais niya sanang ipagpaliban ang pagtupad sa mga pangako niya. "Malapit na," sagot niya sa babae.

"Ngunit malapit na rin ang panahon ng tag-ulan," wika ng isang lalaki. "Kakailanganin namin ng matitirahan upang hindi magkasakit ang aming mga anak, at kailangan namin ng imbakan ng ani para hindi mabulok ng tubig ang palay."

"Kapag hindi mo matupad ang iyong pangako, Pangulong Paquito…" banta ng matatanda sa Palengke.

"Alam ko, alam ko. Sa mga islang nawawala ang bagsak ko," balisang sagot ni Paquito. Tila wala na siyang lusot ngayon. Kailangan nang tuparin ang pangako. "Bigyan ninyo ako ng dalawang araw, mga kapatid. Magkakaroon ng bubong sa ibabaw ng bawat ulo bago dumating ang tag-ulan." Lumikas si Paquito mula sa Palengke para mag-plano.

Dalawang araw ang dumaan. Tinupad ni Paquito ang kanyang pangako.

Sa loob ng dalawang magdamag na iyon, nagtayo si Paquito ng mga bubong para sa bawat pamilyang Pilipino gamit ang pinagtagpi-tagping dahon ng nipa. Ikinabit niya ang mga bubungang nipa sa apat na kawayang nakatukod sa lupa. Wala siyang ginawang pader ni sahig dahil hindi naman niya ipinangako ang mga iyon. Simpleng bubungan lamang para sa bawat mamamayan niya.

"Ano iyan?" dismayadong tanong ng mga kababayan ni Pangulong Paquito nang makita ang mga ginawa niyang bubungang nipa.

"Bubong," masayang sagot ni Paquito. "Sa ibabaw ng bawat ulo." Naupo siya sa lupa sa ilalim ng nilikha niyang bubungang nipa upang ipakita kung paano ito gagamitin.

"Hindi ito tirahan," malungkot na sabi ng mga binata. Sinuri nila ang mga kawayang nakatukod lamang sa mababaw na lupa.

"Wala akong ipinangakong tirahan," paliwanag ni Pangulong Paquito. "Nangako ako ng bubong, heto ang inyong bubong."

"Tatangayin ito ng bagyo," sabi ng mga babae.

Nagkamot ng ulo si Pangulong Paquito. "Wala akong magagawa doon. Hindi kayo masaya sa aking likha, pero tinupad ko ang aking pangako. Ako ay pangulong iisa ang salita. Hindi ninyo ako matatanggal sa posisyon, ni maipapatapon sa mga islang nawawala. Kung ayaw ninyo ng mga bubungang ginawa ko para sa inyo, lumikha kayo ng bago. Basta tinupad ko ang aking unang pangako. Ako'y uuwi na sa aking tirahan dahil parating na ang ulan," paalam ni Paquito. Iniwan

ng Pangulo ang mga kababayan niya roon.

Dumating ng buong bagsik ang panahon ng tag-ulan sa bayang Pilipinas. Komportable si Paquito sa kanyang tirahan, habang sa labas ng kanyang bahay, tinangay ng bagyo ang marami sa kanyang mga ginawang bubungang nipa. Maraming mag-anak ang naligo sa walang humpay na ulan. Ang mga bubungang hindi natangay ng hangin ay wala ring silbi, sapagkat walang pader na depensa laban sa bagyo. May bubong man ang mga tao, basang-basa pa rin sila. Nagkasakit ang mga bata. Nabulok ang mga ani.

Minura ng mga tao ang pangalan ni Paquito, ngunit hanggang doon lang ang kaya nilang gawin. Mahina man ang mga bubungang ginawa ni Paquito, tinupad pa rin niya ang kanyang pangako. Wala siyang batas na nilabag. Kaya nanatili si Paquito bilang pangulo ng bayang Pilipinas.

Nang matapos ang panahon ng tag-ulan, nanumbalik ang takbo ng karaniwang araw ni Pangulong Paquito. Nagpunta siya sa mga palayan at mga paaralan, sa Palengke at mga bundok, ngunit hindi na kasing init ang pagtanggap ng mga tao sa kanya.

Minsan, nang nasa Palengke si Pangulong Paquito, may lumapit na isang bata. "Pangulong Paquito, kalian mo tutuparin ang ikalawa mong pangako? Ang kanin sa bawat pinggan. Nagugutom na kaming mga mamamayan mo."

Nabalisa si Pangulong Paquito dahil napansin niyang nakikinig ang taumbayan sa usapan nila ng bata. "Malapit na," sagot ni Paquito. "Tutuparin ko ang sinabi ko, pangako."

"Kailan pa?" tanong ng matatanda. "Parating na ang panahon ng taggutom, at nasira ng bagyo ang aming mga ani."

"Hindi naman masisira iyon kung mayroon tayong tamang lugar na imbakan ng ani noong panahon ng tag-ulan," sabi ng mga taumbayan na may tanim na galit kay Pangulong Paquito.

"Bayan ko, bayan ko," sabi ni Pangulong Paquito. "Magtiwala kayo sa akin. Ako ang inyong pangulo, hindi ba? Tutuparin ko ang aking pangako, tulad ng pagtupad ko sa nauna. Wala kayong dapat ikabahala," sabi ni Paquito na nakangisi dahil mayroon na naman siyang plano.

* * *

Ilang buwan ang lumipas at dumating ang panahon ng taggutom. Tinupad ni Paquito ang kanyang ikalawang pangako.

Nasira ng ulan ang ani ng mga tao, kaya kaunting sako ng bigas na lang ang natira sa panahon ng tag-gutom. Nangako si Paquito ng kanin sa bawat pinggan. Kung hindi niya ito tutuparin, ipatatapon siya sa mga islang nawawala.

"Ano yan?" dismayadong tanong ng taumbayan nang makita ang nakahanda sa hapagkainan.

"Kanin," sabi ni Pangulong Paquito. "Sa bawat pinggan, tulad ng ipinangako ko." Sa bawat pinggan na nakahanda, may tigtatlong butil ng kanin.

"Kulang pa sa isang subo ito," sabi ng mga bata. "Paano kami mag-aaral sa paaralan kung iyan lang ang kakainin namin araw-araw?"

"Paano kami magtatrabaho sa palayan kung kumakalam ang sikmura?" tanong ng mga magsasaka.

"Paano kami papalaot para mangisda kung wala kaming lakas mag-sagwan?" tanong ng mga mangingisda.

"Puro kayo reklamo," sambit ni Pangulong Paquito. "Tinupad ko ang pangako ko. Heto ang kanin sa bawat pinggan, nakikita ninyo."

"Hindi mapapawi ng katiting na kanin na iyan ang gutom namin," sabi ng mga babae ng bayan.

"Wala akong ipinangakong ganoon," sabi ni Pangulong Paquito. "Hindi ko ipinangakong mawawala ang gutom sa Pilipinas. Ang sabi ko ay kanin, at heto ang kanin. Kung ayaw ninyo nito, huwag ninyong kainin. Basta ako, iisa ang salita. Tumutupad sa pangako. Hindi

ninyo ako maipapatapon sa nawawalang mga isla ni mapatalsik sa pagkapangulo. Ako pa rin ang pangulo ng bayan ko. Ngayon, ako'y uuwi na para maghapunan. Magandang gabi sa inyong lahat," sabi ni Pangulong Paquito at nilisan niya ang lugar na iyon.

* * *

Dumating ang panahon ng taggutom sa bayang Pilipinas. Sapat ang pagkain ni Pangulong Paquito sa kanyang tirahan, habang sa labas nito, ramdam ng lupa ang kolektibong atungal ng sikmura ng taumbayan. Umiiyak sa gutom ang mga sanggol at maliliit na bata. Sa palayan at karagatan, lumalagok ng hangin at tubig ang mga magsasaka't mangingisda para lang magkalaman ang tiyan. Ang kababaihan ay humabi ng mga kuwento't kanta, para mabaling sa iba ang atensiyon at hindi maisip ang pagkalam ng sikmura. At araw-araw, nakahanda sa hapag-kainan ng mga mamamayan ang palatandaan ng pagtupad ni Pangulong Paquito sa kanyang pangako: tigtatlong butil ng kanin sa bawat pinggan. Tila insulto sa mga gutom na mamamayan.

Dahil walang makain, tanging usap-usapan ang hapunan ng mga Pilipino.

"Kailangan matanggal sa pagkapangulo si Paquito," wika ng mga lalaki ng bayan.

"Paano pa?" tanong ng matatanda. "Tinupad niya ang kanyang mga pangako. Wala siyang batas na nilabag. Mahalagang sumunod tayo sa sarili nating batas. Hindi tayo mga barbaro tulad ng mga nabubuhay sa nawawalang mga isla."

"Tayo'y minamangmang," malungkot na wika ng kababaihan. "Inuunggoy ng sarili nating kababayan."

"Kausapin natin nang maayos ang Pangulo," mungkahi ng mga bata. "Hindi ba ang sabi ni Pangulong Paquito, pakikinggan niya ang sinumang lumapit sa kanya? Magpunta tayo sa kanyang bahay. Kausapin natin ang ating kababayan."

Nagtungo ang ilang mamamayan sa bahay ni Pangulong Paquito

upang kausapin siya. Nang makarating doon, nagulat sila sa nakita.

"Ano iyan?" dismayadong tanong ng mga tao, namamanghang nakatingin sa bahay ni Paquito.

"Pader," natutuwang sagot ni Paquito mula sa balkonahe ng kanyang bahay. "Napakataas na mga pader, mga dalawampung dipa ang taas, nakapalibot sa buong pamamahay ko. Sinabuyan pa ng langis ng niyog para imposibleng akyatin."

"Pangulong Paquito," sigaw ng mga tao sa baba ng kanyang bahay. "Kailangan mo kaming pakinggan. Nais lang naming makipag-usap."

Tinakpan ni Pangulong Paquito ang kanyang mga tenga. "Mali kayo, mga kababayan. Hindi ko kayo kailangang pakinggan. Umalis na kayo riyan dahil maingay kayo, at ayoko ng ingay. "

"Ngunit, Pangulong Paquito," sigaw ng mga mamamayan. "Nangako kang pakikinggan mo kami!"

"Ipinangako kong pakikinggan ko ang sinumang tumapak sa loob ng pamamahay ko," paalala ni Paquito. "Tutuparin ko ang pangakong iyon. Pero ito ay *kung* may makatatapak sa loob ng bahay ko. Kaya ako nagtayo ng matataas na pader sa paligid ng aking bahay. Ako'y pangulo na iisa ang salita. Ngayon, umalis na kayong lahat. Imposibleng maakyat ninyo ang aking mga bakod. Sinasayang ninyo lang ang oras ko," sabi ni Pangulong Paquito bago pumasok ng kanyang bahay. At kahit na ano pang sigaw ng taumbayan ay hindi makatagos sa matataas at makakapal na pader na nakapaligid sa bahay ni Paquito.

Kumalat sa buong Pilipinas ang balita ng ginawang pagtaboy ni Pangulong Paquito sa mga naghangad makapasok sa bahay niya. Ito ang usap-usapan sa Palengke ng bayan. Itong huling ginawa ni Paquito, kasama ng pagtupad niya sa dalawang naunang pangako, ay itinuring hindi katanggap-tanggap ng mga tao sa bayang Pilipinas. Mainit ang talakayan. Sa unang pagkakataon, ang ingay sa Palengke ay walang kinalaman sa kalakalan. Pagkagat ng hapon, kumonti ang mga tao sa Palengke. Lumipat ang lahat sa labas ng bahay ni Paquito.

"Bakit kayo nandiyan?" sigaw ni Paquito mula sa kanyang balkonahe. Ang kanyang balkonahe ay katulad ng entabladong itinayo niya noong siya'y nangangampanyang maging pangulo. Mula sa kanyang kinatatayuan, nakikita niya ang dami at lawak ng tao sa labas ng kanyang mga pader. At ang boses niya ay sumasanib sa hangin, tinatangay ng bugso para marinig ng mga tao sa baba. "Wala ba kayong mga trabaho?"

"Nais ka naming kausapin, Pangulo," sagot ng mga binata sa labas ng pader ng bahay ni Paquito. "Bumaba ka nang marinig mo ang aming boses."

"Ayaw kong bumaba," sagot ni Paquito. "Natatakot ako. Napakarami ninyo at iisa lang ako. Sasaktan ninyo ako."

"Walang dapat ikatakot ang taong walang sala, Pangulong Paquito," sabi ng matatanda ng bayan. "Kung naniniwala ka sa iyong puso na wala kang ginawang mali, bababa ka sa iyong bahay at makikipagkita sa amin. Kami ay iyong mga kababayan. Nais ka lang namin kausapin."
Ngunit nakaramdam ng matinding takot si Paquito sapagkat alam niyang gumawa siya ng mali sa kanyang mga kapuwa. "Hindi ako bababa," sagot niya sa mga kababayan niya sa labas ng kanyang bahay. "Wala akong sala. Tinupad ko ang mga pangako ko. Wala akong nilabag na batas. Ako ay pangulo na iisa ang salita. Hindi ninyo mababawi sa akin ito. Hindi ninyo ako maipapatapon sa nawawalang mga isla."

Malakas ang boses ni Paquito. Sumanib ito sa hangin. Ipinaabot ng bugso sa pinakamalalayong sulok ng bayan. Hindi lamang ang tao ang nakarinig, kundi pati ang mga puno at bato. Si Paquito ang bulong-bulungan ng batis, ang lawiswis ng damo. Umabot hanggang sa pandinig ng pilyong mga diyos at diyosa ng bayan ang pinagsasabi ni Paquito.

"Mapagbiro ang isang ito," wika ng mga engkanto at lamang-lupa, silang mga hindi nakikita at nagtatago sa likod ng mga anino. "Mahusay magpaikot ng salita."

“Mapagbiro rin naman tayo,” wika ng mga diyos at diyosa ng bayan. “Narinig natin ang mga salita ng Pangulo ng mga tao ng bayan natin. Narinig nating manggaling sa sarili niyang bibig ang kanyang sumpa. Halika, biruin natin ang Pangulong ito,” hagikgik nila.

Balikan natin si Pangulong Paquito, nakatayo sa balkonahe ng bahay niyang pinalilibutan ng matataas na pader. Nakapalibot naman sa kanyang pader ang mga taumbayan, kinakalampag ang bakod ni Paquito, nananawagang bumaba ang pangulo at makipag-usap sa kanila. Sa puntong iyon, naisipan ng mga diyos at diyosa ng bayan na biruin ang pangulo gamit ang sarili niyang pangako.

Hiniwa ng kidlat ang kalangitan ng bayang Pilipinas. Hinataw nito ng malakas ang mga pader na nakapalibot sa bahay ni Pangulong Paquito. Bumagsak ang mga pader, naging abo at buhangin ang semento. Tinangay ito ng hangin sa malalayong dalampasigan.

Sumugod paloob ng bahay ni Paquito ang mga taumbayan. Sa takot niya, nagtago sa isang sulok si Paquito. Hindi niya makuhang tumingin sa mga mata ng mga taong niloko niya. Nahihiya siyang makaharap ang kanyang mga kababayan. Sa kanyang kahihiyan, nangitim ang ang balat at mukha ni Paquito. Tinakpan ng kanyang mga kamay ang kanyang mukha, ngunit umuurong ang tubo ng mga daliri niya. Nararamdaman ni Paquito na lumiliit siya, dumadapa sa lupa. Hindi siya makagalaw maliban sa paggapang sa kanyang tiyan.

“Ano iyan?” nagtatakang tanong ng mga Pilipino nang makita ang nangyari sa kanilang pangulo.

“Ako ito,” sagot ni Paquito. “Ako ang pangulo ninyo. Iisa ang aking salita. Tinupad ko ang aking mga pangako.”

“Nilinlang mo kami, Paquito,” wika ng matatanda ng bayan. “Dahil doon, ipapatapon ka namin sa mga nawawalang isla. Hindi ka na maaaring bumalik sa mga lupaing ito magpakailanman.”

Itinapon ng mga tao si Paquito sa dagat. Lumangoy si Paquito patungo sa mga nawawalang isla. Doon, ikinuwento niya sa mga

taong hindi marunong tumupad ng pangako ang nangyari sa kanya. "Maniwala kayo sa akin, mga kababayan," sabi ni Paquito. "Ako ay pangulo pa rin ng bayan nating Pilipinas. Tinupad ko ang aking mga pangako. Wala akong nilabag na batas."

"Naniniwala kami sa iyong kuwento, Pangulong Paquito," sabi ng matatanda ng mga nawawalang isla. "Kaya nga hindi ka maaaring manatili sa aming mga isla. Ang mga ito ay para lamang sa mga hindi tumutupad ng pangako. Tinupad mo ang mga pangako mo. Hindi ka maaaring manirahan dito." Itinaboy nila si Paquito sa dagat.

"Hindi ito makatarungan!" hiyaw ni Paquito. Hanggang dagat at dalampasigan lamang siya maaaring pumunta dahil itinaboy siya ng kanyang mga mamamayan. "Tinupad ko ang lahat ng aking mga pangako. Wala akong nilabag na batas. Ako pa rin ang pangulo ng bayang ito." Itinaas niya sa langit ang kanyang mga kamay na walang daliri at sumigaw. "Gusto ninyo ng pangako? Heto ang pangako ko. Ipinapangako ko, aking mga kababayan, na magbabalik ako balang-araw. Babalik ako at babawiin ko ang kinuha ninyo mula sa akin. Ako ang pangulo ng bayang ito. Tinutupad ko ang pangako ko. Iisa ang aking salita. "

Sumanib sa hangin ang boses ni Paquito. Tinangay ng bugso ang kanyang mga salita.

* * *

Narinig ng mga tao ang huling sumpa ni Paquito. Narinig nila ang pangako niyang pagbabalik.

"Hindi maaaring bumalik sa mga lupaing ito si Paquito," wika ng matatanda ng bayan. "Manloloko siya ng kapuwa. Kapag nakita ninyo siya, kailangan siyang hulihin agad. Babasagin natin ang kanyang mga buto. Kakainin natin ang kanyang laman. Ito ang kanyang kaparusahan."

Ibinigay sa mga bata ng bayan ang tungkulin na libutin ang mga tabing-dagat araw-araw. Ito ang desisyon ng matatanda dahil magaan

pa ang mga responsabilidad ng mga bata. Pagkatapos ng pag-aaral sa eskuwela, kailangan magtungo ang mga bata sa mga dalampasigan. Doon, maaari silang maglaro. Habang naglalaro, binabantayan din nila ang dagat. Kapag nakita nila si Paquito, inatasan ang mga bata na hulihin siya at ipagbigay-alam sa mga nakatatanda ng bayan. Tulong-tulong ang mga tao upang siguraduhing hindi maulit ang ginawang panloloko ni Paquito.

Araw-araw nagtutungo ang mga bata ng bayang Pilipinas sa mga dalampasigan. Doon sila naglalaro. Doon sila kumakanta. Sumasanib sa hangin ang boses ng mga bata. Tinatangay ng bugso para marinig ng lahat:

*Tong, tong, tong, tong*
*Paquito-quitong alimango*
*sa dagat*
*Malaki at masarap*
*Mahirap mahuli*
*Sapagkat nangangagat.*